## ACTIVITY

A. Anong mga pangangailangan mo ang ipinagkakaloob sa iyo ng Diyos. Iguhit at kulayan ito sa loob ng box.



B. Sagutin ang mga tanong.

1. Paano naglaan ang Diyos ng pagkain para kay Elijah sa Kerith Ravine?

_______________________________________________

2. Ano ang hiniling ni Elijah sa biyuda noong una niya itong makilala?

_______________________________________________

3. Anong himala ang nangyari sa harina at langis ng biyuda?

_______________________________________________

4. Nang mamatay ang anak ng balo, ano ang ibinigay ng Diyos kay Elijah ng kapangyarihang gawin?

_______________________________________________

5. Ano ang ipinakita sa iyo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos?

_______________________________________________________________

Nagpakita ng habag si Elijah sa biyuda at sa anak nito. Tinulungan niya sila noong sila ay nangangailangan at inaalagaan sila. Tulad ng pangangalaga ng Diyos kay Elijah, ganun din ang pinakita ni Elijah sa kanila. Ang pagiging mabait at mapagmalasakit sa kapwa, lalo na sa mga nangangailangan ay paraan ng pagpapakita ng ating pag-ibig at pagsunod sa kalooban ng Diyos sa ating buhay.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Sa isang maliit na bayan, may isang 9 na taong gulang na batang lalaking nagngangalang Carlos. Si Carlos ay masayahin at mabait, bagamat ang kanyang pamilya ay mahirap. Sila ay nakatira sa isang maliit na bahay, at ang kanyang mga magulang ay masipag na nagtatrabaho para matustusan nila ng kanyang kapatid na si Maria. Sa kabila ng kanilang kahirapan, laging nagsisikap si Carlos na maging positibo at tumulong sa iba.

Isang maulan at malamig na umaga, habang papunta si Carlos sa paaralan, napansin niya ang isang batang lalaki na kasing edad niya na nakatayo sa tapat ng tindahan sa kanto ng kanilang kalye. Ang batang lalaki ay nanginginig sa lamig at mukhang ginaw na ginaw. Suot niya ang manipis at luma niyang jacket na hindi talaga nakakatulong sa pag-iinit ng katawan. Lumapit si Carlos sa kanya nang may pag-aalala.

"Hi, ako si Carlos. Anong pangalan mo?" tanong ni Carlos nang may ngiti.

Tumingin ang batang lalaki at sumagot, "Ako si Jake."

Napansin ni Carlos na sobrang giniginaw si Jake. "Nasaan ang panlamig mo, Jake? Ang lamig-lamig sa ngayon!"

Yumuko si Jake at bumulong, "Wala akong panlamig. Wala kaming pera para makabili ng bago. Itong manipis na jacket lang ang mayroon ako."

Nakaramdam si Carlos ng awa at pagdamay para kay Jake. Alam niya ang pakiramdam ng walang mga bagay na karaniwan sa iba. Naisip ni Carlos ang isang ideya. "Hintayin mo ako dito, Jake. Babalik ako agad."

Mabilis na tumakbo si Carlos pauwi. Pagdating niya, naghalungkat siya sa maliit nilang aparador hanggang sa makita niya ang isang luma, pero mainit na panlamig na hindi na kasya sa kanya. Maayos pa rin ito at alam niyang magagamit ni Jake.

Nagmadali siyang bumalik kay Jake at iniabot ang panlamig. "Heto, Jake. Sa'yo na ito. Dati itong akin, pero kasya na siguro sa'yo ngayon."

Nanlaki ang mga mata ni Jake sa gulat at pasasalamat. "Talaga? Salamat ng marami, Carlos!" sigaw ni Jake habang isinusukat ang coat. Tamang-tama ang sukat sa kanya at agad siyang nakaramdam ng init.

"Walang anuman, Jake," sabi ni Carlos na may ngiti. " Tara na sa school at magpainit."

Lumipas ang mga araw, naging magkaibigan sina Carlos at Jake. Ang ginawa ni Carlos na kabaitan ay hindi lang nagpainit kay Jake kundi nagturo rin sa kanilang mga kaklase ng kahalagahan ng pagtulong sa nangangailangan.

Ang balita tungkol sa ginawa ni Carlos ay kumalat sa buong paaralan, at hindi nagtagal, nagsimula ring magdala ng mga gamit at damit ang iba pang mga estudyante at mga guro para sa mga batang nangangailangan. Ang buong komunidad ng paaralan ay nagkaisa upang masigurong walang batang giginawin sa taglamig.

Mga tanong.

1. Bakit nakaramdam ng pagkaawa si Carlos kay Jake?

   ______________________________________________

2. Ano ang reaksiyon ni Jake nang ibigay sa kanya ni Carlos ang panlamig?

   ______________________________________________

3. Ano ang nag-udyok kay Carlos na tulungan si Jake sa kabila ng kakulangan sa buhay?

   ______________________________________________

4. Paano ka, tulad ni Carlos, makakahanap ng mga paraan upang makatulong sa iba kahit na ikaw mismo ay kapos sa buhay?

   ______________________________________________

Nakaramdam ng pagkaawa at pagdamay si Carlos kay Jake at umisip siya ng paraan upang tulungan siya. Kahit mahirap ang pamilya ni Carlos, nagpapasalamat siya sa kung anong mayroon siya at handang ibahagi ito sa iba. Sina Elijah at Carlos ay nagsisilbing halimbawa kung paano maaaring tumulong sa iba sa pamamagitan ng pakikiramay, pagkabukas-palad, at kabaitan. Ang mga batang tulad natin ay dapat matutunan ang kahalagahan ng pagunawa, pakikiramay, at paghahanap ng mga paraan upang tumulong sa ibang nangangailangan anuman ang katayuan natin sa buhay.



D. Memory Verse

Kaya't huwag tayong mapagod sa paggawa ng mabuti sapagkat pagdating ng takdang panahon tayo ay aani kung hindi tayo susuko. **Galacia 6:9**